# Hesus sa Islam



Tagalog

Sa bawat sulok ng mundo ay naririnig natin ang pagbanggit sa kanyang pangalan. May mga taong tinatawag siyang Panginoon at Diyos na sinasamba. Mayroon namang mga tao na ibinababa ang kanyang antas at iniinsulto.

- Ano kaya ang katotohanan tungkol kay Kristo 'Eisa (Hesus) na anak ni Maryam?
- Siya ba ay anak ng Allah tulad ng inaangkin ng mga Kristiyano?
- O siya ba mismo ang Allah tulad ng inaangkin ng iba?
- O siya ba ay anak sa pangangalunya tulad ng inaangkin ng mga Hudyo?

Si Kristo 'Eisa (Hesus) na anak ni Maryam —sumakanya nawa ang kapayapaan- ay Propeta mula sa mga propeta ng Allah, pinili siya ng Allah at isinugo sa mga angkan ni Israel; upang sila ay anyayahan tungo sa kaisahan ng Allah at pagsamba sa Kanya nang nag-iisa at walang katambal.



Katiyakan, siya ay nilikha ng Allah ng espesyal na pagkakalikha, siya ay isinilang mula sa kanyang ina na walang ama. Kabilang sa ganap na karunungan ng Allah ay ipakita sa atin ang kagalingan ng Kanyang Kapangyarihan. Tunay na nilikha Niya si Adam na walang ama at ina, at nilikha Niya si Hawwa (Eba) na walang ina, at Kanyang nilikha si 'Eisa na mula sa Ina na walang ama, at Kanyang nilikha ang mga tao bukod sa kanila mula sa kanilang ina at ama.

Ang kanyang ina na si Maryam na anak ni 'Imran ay kabilang sa mga mataimtim at palasamba, itinuon niya ang kanyang sarili sa pagsamba sa Baytul Maqdis (Sagradong Tahanan),

siya ay nanatili sa silangan ng masjid at nagtago mula sa kanyang sambayanan, at lumayo sa mga tao dahil sa pagsamba.

Na kung kaya, isinugo ng Allah patungo sa kanya si Jibril —sumakanya nawa ang kapayapaan — at ito ay nag-anyong tao para sa kanya. Nang makita niya ito, siya ay nagulat at inakalang gagawan siya ng masama, At siya ay nagsabi sa kanya: (Katiyakan, hinihiling ko ang kalinga ng Pinakamahabaging Allah mula sayo, upang hindi ka makagawa ng masama laban sa akin kung ikaw ay tunay na may takot sa Allah.) *Al-Qur'an 19:18*, ibig sabihin: Kung ikaw ay tunay na natatakot sa Allah ay huwag mo akong gawan ng masama.

Sinabi sa kanya ng Anghel nang malumanay: (Katiyakan, ako ay Sugo ng iyong Rabb na ipinadala sa iyo; upang ipagkaloob sa iyo ang malinis na sanggol mula sa anumang dungis ng kasalanan.) *Al-Qur'an 19:19*, ibig sabihin: Malinis mula sa mga kasalanan, na lalaki sa kabutihan at kaayusan.

Nagtaka si Maryam at nagsabi: (Paano ako magkakaroon ng sanggol gayong walang sinuman ang nakahipo sa akin sa legal na pamamaraan bilang asawa at hindi ako mahalay na babae?) *Al-Qur'an 19:20*, ibig sabihin: Paano ako magkakaroon ng anak samantalang hindi naman ako nag-asawa at hindi ako nangalunya?



Sinabi sa kanya ng anghel: (Ganoon ang tunay na pangyayari na katulad ng iyong sinasabi na walang sinumang lalaki ang humipo sa iyo at hindi ka mahalay, subalit ang iyong Rabb na Tagapaglikha ay nagsabi: Ang pangyayari ay napakadali para sa Akin; upang magkaroon ng ganitong uri ng sanggol bilang tanda ng katibayan para sa mga tao na nagpapatunay sa kapangyarihan ng Allah, at siya (sanggol) ay Awa mula sa Amin, at magiging masunurin sa kanyang ina at mabuti

sa sangkatauhan, na ang paglikha kay ´Eisa (Hesus) sa ganitong pamamaraan ay naitakda na, naitala na sa Al-Lawh Al-Mahfoudh, na kung kaya, ito ay walang pag-aalinlangang magaganap.) *Al-Qur´an 19:21*, At umihip si Jibril —sumakanya nawa ang kapayapaan- sa bulsa ng kanyang damit, ibig sabihin: sa butas na pasukan ng leeg, at siya ay nagdalang-tao kay 'Eisa -sumakanya nawa ang kapayapaan- mula sa pag-ihip na iyon.

Sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Sinumang sumaksi na walang Diyos na karapat-dapat sambahin liban sa Allah nang Nag-iisa at walang katambal, at katiyakan na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo, at katiyakan na si 'Eisa ay alipin ng Allah, Kanyang sugo at salita na inilagay kay Maryam, at kaluluwa na nagmula sa Kanya, at ang paraiso ay totoo, at ang impiyerno ay totoo, at ang Pagbangong-Muli ay totoo. Papapasukin siya ng Allah sa alinmang walong pintuan ng paraiso niya naisin."

At nilikha si 'Eisa sa pamamgitan ng salita ng Allah, ibig sabihin: Ang Allah ay nagsabi sa kanya ng "Maging tao ka at nangyari nga"; dahil doon ay tinawag siyang salita ng Allah. Sinabi ng Allah: (Katiyakan, ang paglikha ng Allah kay ´Eisa na walang ama ay katulad ng paglikha ng Allah kay Adam na walang ama at ina. Dahil siya ay nilikha Niya mula sa alabok, pagkatapos sinabi sa kanya na maging tao at ito ay naging (o naganap).) *Al-Qur´an 3:59*

Nang dahil si Kristo ay nilikha na walang ama, inangkin ng mga Kristiyano na siya ay anak ng Allah. At sinagot ng Allah sa Kanyang aklat ang paratang na ito ng mga makatuwiran na kasagutan at kapanipaniwala, at ito ay:

1

Ang Allah ay ang Ghanee (ang Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan) Sinabi ng Allah: (Sinabi ng mga Mushrikun: Ang Allah ay nagkaroon ng anak, Luwalhati sa Allah na Siya ay malayo sa lahat ng ito! Bagkus, Pagmamay-ari Niya ang lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan at ang lahat sa Kanya ay nagpapasakop) *Al-Qur´an 2:116*

Ang Allah ay Ghanee —napakayaman na walang pangangailangan- mula sa iba bukod sa Kanya, at ang lahat ng bagay ay nangangailangan sa Kanya sa kalangitan at sa kalupaan, kaya paano Siya magkakaroon ng anak na kabilang sa Kanyang nilikha, samantalang lahat ng bagay ay pagmamay-ari Niya at Kanyang alipin?

Katiyakan na ang tao ay nangangailangan ng anak upang alagaan siya sa pagtanda, o upang tulungan siya sa kanyang trabaho, o upang tustusan siya sa kanyang pagtanda, o upang may magdala ng kanyang pangalan kapag siya ay namatay na.

Ang Allah ay walang pangangailangan sa lahat ng mga ito, Siya ay ang Hayy —Ang Walang-Hanggang Buhay, nasa Kanya ang buong kahulugan ng pagkabuhay na angkop na angkop sa Kanyang Kamaharlikaan- ang Baaqee —Ang Ganap na Mananatili Magpakailanman- na hindi mamamatay, kaya hindi Siya nangangailangan ng anak.

## 2

Ang Allah ay walang asawa, Sinabi ng Allah: (Ang Allah, Siya ay Badi` — Nagpasimula ng paglikha ng mga kalangitan at ang kalupaan at ang anuman na nilalaman ng mga ito, nang wala Siyang pinanggayahan; kung gayon, paano Siya magkakaroon ng anak samantalang wala naman Siyang asawa? Lubusan na Napakataas ng Allah hinggil sa mga maling pag-aangkin ng mga Mushrikun, dahil Siya ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa wala, at `Aleem — Ganap na Nakaaalam na walang anumang bagay ang naililihim sa Kanya hinggil sa Kanyang mga nilikha.) *Al-Qur'an 6:101*

Kaya paano Siya magkakaroon ng anak, samantalang wala naman Siyang asawa. At ang anak ay lumalabas mula sa dalawang bagay na naaangkop, at ang Allah ay walang naaangkop at walang kaparehong bagay mula sa Kanyang nilikha; sapagkat Siya ang lumikha sa lahat ng bagay, at Siya ay walang asawa at walang anak. Sinabi ng Allah: (At katiyakang Siya, na napakataas ng Kamaharlikaan ng aming Rabb na Tagapaglikha at Kanyang Kadakilaan, na kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng asawa at kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng anak.) *Al-Qur'an 72:3*

## 3

Ang pagkapanganak kay ‘Eisa na walang ama ay hindi karapat-dapat na dahilan upang gawin siyang diyos na sinasamba. Sinabi ng Allah: (Katiyakan, ang paglikha ng Allah kay ´Eisa na walang ama ay katulad ng paglikha ng Allah kay Adam na walang ama at ina. Dahil siya ay nilikha Niya mula sa alabok, pagkatapos sinabi sa kanya na maging tao at ito ay naging (o naganap).) *Al-Qur´an 3:59*

Kaya kung ang pagkakalikha na walang ama ay nagbibigay karapatan upang si ‘Eisa ay gawing diyos na sinasamba, ang dapat na manguna ay si Adam na nilikhang walang ama at ina sa pagkakaroon ng karapatan na maging diyos na sinasamba; ngunit dahil si Adam ay hindi isang diyos na sinasamba ayon sa inyong pagkakakilala, mas lalo na si ‘Eisa, siya ay hindi isang diyos na sinasamba.

## 4

Ang inyong mga sinasabi ay simpleng pag-aangkin lamang na walang patunay. Sinabi ng Allah: (At wala kayong katibayan sa anumang inaangkin ninyo na kasinungalingan, na kung kaya, nagsasabi ba kayo laban sa Allah ng mga bagay na hindi ninyo alam na katotohanan hinggil dito?) *Al-Qur´an 10:68.* At sinabi pa ng Allah: (at ang pag-aangking ito ay inimbento nila mula sa kanilang mga sarili) *Al-Qur´an 9:30*, ibig sabihin: ito ay salitang walang pinagmulan, at walang nagpapatunay nito sa katotohanan, ito ay talinghaga na ito ay isang kasinungalingan.



Ibinigay sa atin ng Allah ang mga makatuwiran at maliwanag na patunay kahit pa sa mga bata na si Kristo ay hindi diyos na sinasamba. Sinabi ng Allah: (Si Al-Masih (ang Messiah — Kristo Hesus) na anak ni Maryam ay hindi hihigit sa pagiging Sugo, at maraming mga Sugo ang nauna kaysa sa kanya. At ang kanyang ina ay naniwala nang may ganap na pagtitiwala, at silang dalawa ay katulad ng sinumang tao na nangangailangan ng pagkain, at hindi kailanman maaaring maging ilah (diyos na sinasamba) ang sinumang nangangailangan ng pagkain para mabuhay.) *Al-Qur´an 5:75*, ibig sabihin: nangangailangan sila ng makakain, at kailangan nilang ilabas ito, kaya sila ay parehong alipin tulad ng lahat ng tao, at silang dalawa ay hindi diyos na sinasamba.

At si Kristo mismo ay hindi nag-angkin na siya ay anak ng Allah, at hindi siya nag-utos sa sinuman na siya ay sambahin, bagkus ang una niyang sinabi noong siya ay sanggol na sumususo pa: (Ako ay alipin ng Allah na dumating sa akin ang Aklat at ginawa Niya akong propeta.) *Al-Qur´an 19:30*.

Sinabi ng Allah: (Alalahanin mo na sasabihin ng Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay: O ´Eisa na anak ni Maryam, ikaw ba, sinabi mo sa mga tao na: Ituring ninyo ako at ang aking ina na dalawang sinasamba bukod sa Allah? Tumugon si ´Eisa bilang pagluwalhati sa Allah: Hindi maaaring sasabihin ko sa mga tao ang hindi totoo. Kung sinabi ko man ito, tiyak na ito ay batid Mo, dahil Ikaw ay walang maililihim sa Iyo na anuman, alam Mo kung ano ang kinikimkim ko, na kung ano ang nasa aking sarili at hindi ko alam kung ano ang nasa Iyo. Katiyakan, Ikaw ay 'Aleem — ang Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay na nakalantad o lihim. Sinabi ni ´Eisa: O Allah na aking Rabb na Tagapaglikha! Wala akong sinabi sa

kanila kundi ang kung ano lamang ang ipinahayag Mo sa akin, at kung ano ang iniutos Mo sa akin na iparating sa kanila na paniniwala sa Kaisahan Mo at pagsamba sa Iyo, at ako ay testigo sa kanila habang ako ay kasama pa nila, tumetestigo sa kanilang mga ginagawa at kanilang mga sinasabi, subalit noong kinuha Mo ako mula sa kalupaan at iniangat Mo ako patungo sa kalangitan na buhay, Ikaw lamang ang Nakamamasid ng anumang inililihim nila at Ikaw ay Shaheed — Ganap na Saksi at Tagapagmatyag ng lahat ng bagay at walang anuman ang maililihim sa Iyo dito sa kalupaan at ganoon din sa kalangitan.) *Al-Qur´an 5:116-117*

Katiyakan na iniangat si Kristo nang buhay sa langit. Nang ninais ng mga Romano na hulihin siya, inilagay ng Allah ang kahawig niya sa isa sa mga tao, pagkatapos ay itinaas si Kristo na buhay sa langit. Hindi siya napatay at hindi siya naipako sa krus, at ang napatay lamang ay ang kanyang kahawig. Sinabi ng Allah: (at hindi sila nakatitiyak na siya ay napatay nga nila bagkus sila ay punung-puno ng pag-aalinlangan. Gayong sa katotohanan ay iniangat ng Allah si ´Eisa na buhay — mismo ang kanyang katawan at kaluluwa; at nilinis siya mula sa dungis nila na mga hindi naniwala. At ang Allah, Siya ay ‘Azeez — Kataas-Taasan at Punong-Puno ng Karangalan na Ganap na Makapangyarihan sa Kanyang mga kaharian, na Hakeem — Ganap na Marunong sa Kanyang pangangasiwa at pagtatakda.) *Al-Qur´an 4:157-158*. At siya ay bababa sa katapusan ng panahon, at siya ay mamumuno ayon sa batas ni Muhammadﷺ.

Dahil dito, hindi magiging tama ang pananampalataya ng sinuman hanggang sa siya ay maniwala kay Muhammad at kay Kristo bilang marangal na Sugo mula sa mga sugo ng Allah. Bawat isa sa kanilang dalawa ay pinapatotohanan ang bawat isa. Ang kanilang relihiyon ay iisa at ito ay ang kaisahan ng Allah at pagsamba sa Kanya nang Nag-iisa at walang katambal, at siya ay naniniwala sa lahat ng sugo ng Allah. Sinabi ng Allah: (Pinaniniwalaan nang buong katiyakan ng Sugo ng Allah na si Propeta Muhammad (ﷺ) ang anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang Rabb na Tagapaglikha; ganoon din ang mga mananampalataya, nakatitiyak din sila at gumagawa sila ayon sa Dakilang Qur´an. Ang bawat isa sa kanila ay naniwala sa Allah bilang kanilang Rabb na Tagapaglikha at Siya ay sinasamba nila --- na nagtatangan ng dakila at ganap na mga katangian ayon sa Kanyang Kadakilaan at Kaganapan. Ang Allah ay may mararangal na mga anghel at nagpahayag ng mga Aklat, nagpadala (rin Siya) ng mga Sugo sa bawat henerasyon ng sangkatauhan.

Kaming mga sumasampalataya, wala kaming ginagawang pagtatangi sa pagitan ng isa at iba pa mula sa Kanyang mga Sugo, sa halip ay pinaniniwalaan namin silang lahat. Sinabi ng Sugo at mga mananampalataya: Narinig namin, O aming Rabb, ang anumang ipinahayag Mo at ito ay aming sinusunod. Hinahangad namin sa pamamagitan ng Iyong kagandahang-loob ang Iyong pagpapatawad mula sa aming mga kasalanan, dahil Ikaw ang Nangangasiwa sa amin sa pamamagitan ng Iyong pagbibiyaya sa amin. At sa Iyo lamang kami patutungo at magbabalik.) *Al-Qur'an 2:285.*



# DISCOVER AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com
@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika